



move | connect | experience


# One Region. One Plan. One Center City.

Winter 2017

## Ano ba ang One Center City?

Ang One Center City ang magtitipon ng mga pananaw ng mga komunidad at mga kaagabay upang gumawa ng 20 taon na plano kung paano tayo makasulong, makipagkonekta at maranasan ng mga kapitbahayan ng Seattle's Center City.

Ang ating rehiyon as mabilis sa pagunlad , at naiiba na rin ang ating paggagalaw o pagbibiyahе . Ang Lungsod ng Seattle, King County Metro (bus), Sound Transit (light rail at commuter bus) at ang Downtown Seattle Association ay nagkakasama sa pagpapalano para sa kinabukasan. Ang One Center City ay gagawa ng near-term na action plan at 20 taon bisyon na magpapabuti sa mobilidad at magbibigay ng ibat-ibang pagpipilian sa pagbibiyahе at magandang lugar pampubliko para sa lahat.



## Center City ngayon

Ang Center City ay kinakabilangan ng 10 matao, at mabilis na lumalagong mga kapitbahayan dito sa Seattle.

Halos

# 230,000

na tao ay magparoot-magparito ng Sentro ng Lungsod araw-araw



# 70,000+

na mga residente



# 250,000

na trabaho



Mga

# 60+


na residensiyal at komersiyal na proyekto ay kasalukuyang ginagawa

## Ang kinabukasan ng Center City

Ang Seattle ay umuunlad. Sa susunod na 20 taon, mga sambahayan at mga trabaho ay inaasahang magpapatuloy sa pagdami sa Sentrong Lungsod. Sa karagdagan, ang mga sumasakay sa mga transit ay dumadami at ang panibagong serbisyo ng light rail ay parating na at magtakda ng koneksiyon sa Northgate (2021), Lynwood at Overlake (2023) at Federal Way at Downtown Redmond (2024).




Higit pa sa **25,000** sambahayan



Higit pa sa **55,000** mga trabaho



# Ang timeline ng One Center City



## Paano Natin Napapabilis ang Paggagala sa Ngayon?

Mga pampublikong proyekto at mga pribadong konstruksiyon na kasalukuyang ginagawa ay makakaapekto kung paano gumala sa lahat ng panig ng Center City sa mga susunod na taon. Kung hindi tayo magplano sa ngayon, aasahan natin ng mas maraming pag-antala, pagsisikip at pagsisiksikan.

Ang mga kaagabay na ahensiya ay nakipag ugnayan sa mga komunidad upang mapagaralan ng mga near-term na estratehiya upang mapasulong ang Center City, kabilang:

**Paano Natin Napapabilis ang Paggagala sa Ngayon?** Ang mga daanan ng Center City ang nagbabalanse sa mga priyoridad. Mga stratehiya ay magpapadali ng pagkilos sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga daanan para sa transit at pagpapabuti sa mga signal ng trapiko.

**Pagbabago ng Serbisyo ng Transit:** Mga ruta na kasalukuyang bumibiyahe sa downtown ay maaring ma konekta sa light rail. Ito ay makakatulong sa mga sumasakay sa transit na gumala at makinabang sa mga mapag katiwalaang serbisyo ng transit.

**Pagpapabuti ng mga lakaran at pampublikong lugar:** Mga bangketa at mga lugar ng hintayan ng transit ay maaring ayosin upang mas madali para sa mga taong naglalakad na bumiyaha papunta at palabas ng Center City at magbigay ng mas magandang karanasan para sa mga sumasakay ng transit.

**Pagimplenta ng Konektadong Pagdadaan ng mga Nagbibisekleta sa Center City:** Mga protektadong daanan ng mga bisikleta ay maaring maidagdag sa ilan sa mga kalsada ng Center City upang mabigyan ng mga tao ng mas magandang konektadong daan sa pagpasok at pamamagitan ng Center City.

**Estratehiya sa mga Programa at Pamamalakad:** SKabilang sa mga estratehiya ay ang pagsisikap na bawasan ng pagbibiyaha, pamamahala sa mga paradahan at bangketa, at iba pang mga programa na

makakatulong sa mga nagbibiyaha araw araw at mga bisita na makarating sa kanilang destinasyon na mas mahusay at upang masiguro na ang mga negosyo ay makapaghatid ng kanilang kalakal na mas mabilis at mas maayos.

Mga kaagabay na ahensiya ay makipagugnayan sa publiko at mga pangunahing lider upang alamin ng feedback sa mga potensiyal na malapitang stratehiya ng mobilidad. Sa loob ng susunod na taon, ang King County at Sound Transit ay magsasagawa ng malawakang pakikipagugnayan para sa mga potensiyal na pagbabago ng serbisyo ng transit. Ang pinakamaagang pagpapatupad sa mga pagbabago ng transit ay ipapatupad sa fall 2018.

## Ano ang maging kaanyuan ng Center City sa loob ng 20 taon?

Bilang karagdagan sa pagbuo ng stratehiya sa pagpapabuti ng mobilidad sa pamamagitan ng Center City sa malapitang panahon, gagawin din kami ng 20 taon na bisyon sa pagpapabuti ng transportasyon at pampublikong daanan para sa lahat-kahit sa mga naglalakad, bisikleta, freight, kotse o transit. Bisitahin ang aming website upang malaman ang tungkol sa bisyon at kung paano kayo makakatulong sa pagplano para sa kinabukasan. Sa loob ng 20 anyos, paano tayo....

- Gumala sa ating mga kapitbahayan?
- Kumonekta sa ibang bahagi ng Lungsod at ang rehiyon?
- Maranasan ang ating mga kalye at mga pampublikong lugar?
- Makakuha ng mga kalakal sa ating bahay at mga negosyo?
- Gumamit ng teknolohiya upang gumala at maranasan ang ating Lungsod?

## Para sa mas maraming Inpormasyon

Upang matutunan ng higit pa tungkol sa One Center City at ang potensiyal na near-term na stratehiya ng mobilidad, bisitahin ang

[OneCenterCity.org](http://OneCenterCity.org)

## Pagkakarating

Kung mayroon kayong mga katanungan o komento, o kailangan ng serbisyo ng translation / interpretasyon o akomodasyon pa ra sa kapansanan, mag email sa

[info@OneCenterCity.org](mailto:info@OneCenterCity.org)



 City of Seattle

 King County

  
SOUNDTRANSIT

 Downtown  
Seattle  
Association